DepEd Advisory No. 358, s. 2014
September 26, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

IKA-25 NA PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA KASAYSAYAN AT KALINANGAN

Ang Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) Inc. ay magsasagawa ng *Ika-25 na Pambansang Kumperensiya sa Kasaysayan at Kalinangan* na may temang *Saysay: Historiograpiya at mga Salaysay na Pansambayanan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino* mula ika-28 hanggang ika-30 ng Nobyembre, 2014 sa GSIS Conference Hall, Level 3 Core G, GSIS Building, Pasay City.

Layunin ng Kumperensiyang ito na matalakay ang mga pangyayari sa 25 taong paglalayag ng samahan bukod pa sa iba pang paksang ugnay sa K to 12 *Program* sa ekonomiya, turismo, usaping Asyano at pandaigdig at maging pamamaraan ng pagtuturo, na inaasahang makadaragdag sa kaalaman ng mga interesadong kalahok.

Ang mga guro sa elementarya at sekundarya na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay imbitadong dumalo sa aktibidad na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- G. Raymundo Andres V. Palad
  Pangulo, ADHIKA ng Pilipinas Inc.
  c/o GSIS Museum-Pasay City
  Mobile Phone Blg.: 0927-201-4448
  Email Address: adhika2014@gmail.com

- Prof. Roberto C. Mata
  Kalihim, ADHIKA ng Pilipinas Inc.
  c/o Department of Social Sciences
  University of the Philippines-Los Baños (UPLB)
  Mobile Phone Blg.: 0925-711-6825
  Email Address: macru1228@gmail.com

Alma/DA ADHIKA
0645-September 18, 2014